Pangalan:________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula:______________Petsa Nang Natapos:______________Iskor:________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
Pangangasiwa at Pangangalaga sa mga Likas na Yaman

I. Panuto: Isulat ang Tama kung ang gawaing nakasaad ay nagpapakita ng matalinong pangangasiwa sa likas na yaman. Isulat naman ang Mali kung hindi.

_______1. Paggamit ng organikong pataba sa pagtatanim

_______2. Walang tigil na pagputol ng mga punongkahoy sa kagubatan

_______3. Pagpapatayo ng *wastewater treatment facility* sa mga *mall* at pabrika

_______4. Pagpapatayo ng maraming minahan sa lahat ng bulubunduking lalawigan

_______5. Pagbabawal sa pagkakaingin

II. Panuto: Basahin ang sanaysay. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong kaugnay nito.

Ang kawayan ay isang uri ng halaman na tumutubo sa kagubatan ng Pilipinas. Nabibilang ito sa uri ng mga damo. Ang kawayan ay maaaring tumaas mula 20 hanggang 30 metro katulad ng isang puno. Isa sa katangian ng kawayan ang kakayahan nitong umayon sa direksiyon ng hangin. Kadalasan, ito ay yumuyuko o umaarko subalit hindi madaling mabali o maputol.

Malaki ang naitutulong ng kawayan sa pangangalaga ng kapaligiran. Ang mga ugat nito ay nakatutulong upang pigilan ang pagguho ng lupa o *soil erosion* sa mga gilid ng bundok o maging sa tabing-ilog. Nakatutulong din ito upang maging banayad ang pag-agos ng tubig-baha kaya napangangalagaan nito ang *carbon reserve* sa lupa. Bukod dito, nakatutulong din ito upang mapanatili ang malinis na hangin sa kapaligiran.



by Vangelis Medina, CC BY 3.0, via Wikimedia Commons

1. Sa iyong palagay, maituturing ba na mahalagang likas na yaman ang kawayan? Bakit?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. Sa anong paraan maaaring maiwasan ang pagkaubos ng mga kawayan? Ipaliwanag.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________